**TITLE: JESUS OUR FIRM FOUNDATION** [SI HESUS, ANG ATING MATIBAY NA PUNDASYON]
**TEXT:** Matthew 7: 24-27 (others as specified)
**DATE:** January 30, 2022

Big Idea: When life's storms strike us, only those founded on Jesus Christ, our firm foundation, and His Word -- will withstand. Kapag dumating ang bagyo sa buhay ng tao, ang mga nakatayo lang kay Kristo - ang matibay na pundasyon - at sa Kanyang Salita ang siyang mananaig.

Introduction

- 2022 is the year where we're called to exalt the Son so that your understanding of Jesus Christ as the Exalted Son is the key to your victory and breakthrough. Ang 2022 ang taon kung kailan tayo ay tinatawag na purihin ang Anak ng Diyos sapagkat ang kaunawaan natin dito ang magdadala ng ating pambihirang tagumpay.
- We've learned that Jesus Christ is the Son of God, the Author and Finisher of our Faith, and our High Priest, the only Mediator between God and man. Napag-aralan na natin na si Hesus ang Anak ng Diyos, ang May Akda at Kukumpleto ng ating pananampalataya, ang ating Pinunong Pari at tagapamagitan sa Diyos.
- These messages are meant for you to believe in the supremacy of Christ and to fully obey His teachings. Ang mga mensaheng ito ay naglalayon na paniwalaan natin ang pangingibabaw ni Hesus sa lahat at sa gayon ay sumunod tayo sa Kanyang katuruan.
- Our teaching today about Jesus as our Firm Foundation shows that: *"It is not the beauty of a building you should look at; it's the construction of the foundation that will stand the test of time."* – American singer and songwriter David Allan Coe. Ang katuruan ngayon na si Hesus ang ating matibay na pundasyon ay magpapakita na hindi ang ganda ng isang gusali o bahay ang dapat nating tingnan kundi ang isang matibay na pundasyon na pagtatayuan nito.
- Jesus presents us with an analogy during his closing words. He uses the picture of two men building two houses as a way of teaching us the importance of putting His words into practice. Nagpakita si Hesus ng pagkakatulad nito sa paggawa ng dalawang lalaki ng bahay upang turuan tayo ng kahalagahan ng pagsasagawa sa kanyang mga Salita.
- Look at these two men and first notice:

**I. THE SIMILARITY (vv.24,26) Ang Pagkakahawig**

- Notice in the parable that both men have the same dream and are both building houses. We can all relate to that. Everyone has dreams and we all want to build a life of significance, substance, and purpose. Pansinin na ang dalawang lalaki sa parabula ay parehong nagtatayo ng kanilang bahay. Pwede tayong maka relate dito. Mayroon ding pangarap ang bawat isa na magkaroon ng magandang buhay na puno ng kabuluhan at layunin.
- The Bible does not detail any difference between the two houses and the two men. For all we know, the houses may have looked exactly alike or that both men are excellent craftsmen. Furthermore, the houses could be built in the same location or the same neighborhood. Hindi ipinakita sa ating binasa ang pagkakaiba ng dalawang bahay. Maaaring pareho ito ng itsura, at maaari din na parehong magaling ang dalawang lalaki. Pwede din na sa parehong lugar ito itinayo.
- But there are similarities we sure about: Ngunit siguradong may pagkakamukha sila:

- Firstly, the same sort of natural forces struck the two houses. Parehong silang sinalanta ng bagyo.
- Apart from that, the men also "heard" Jesus' teaching in the Sermon on The Mount. They heard the exact same words from the Lord. Parehong narinig ng dalawang lalaki ang pangaral ni Hesus sa may burol.

- This is where we begin to see that these two builders are symbolic of two kinds of people: those who are truly Christians and those who are mere "Christians" by name only. Dito natin makikita na ang dalawang lalaki ay simbolo ng 2 klase na tao - ang mga totoong Kristiyano at ang mga nagsasabi lamang na sila ay Kristiyano.
- There are many similarities between the false Christian and the true one. Both of the houses that they are building look the same. But this points our attention to…
- Maraming pagkakahawig ang tunay at hindi tunay na Kristiyano. Ang bahay na kanilang itinatayo ay mukhang pareho, ngunit ang ating pansin ay dinadala sa…

**II. THE SEPARATION [Wise Builder vs Foolish Builder] (vv. 24,26) Ang Pagkakaiba**

- In the case of Jesus' analogy, the separation or difference is found in what the houses are resting on but that is not something you can necessarily see just by looking at the house. Ang pagkakaiba ng dalawang bahay ay makikita sa lupang tinatayuan nito. Maaaring hindi agad natin makikita ang pagkakaibang ito sa pagsulyap lang sa bahay.
- By outward appearances, the houses may look the same but that's because you can't see the foundation. Sa panglabas na anyo, pwede nating sabihin na ang dalawang bahay ay magkamukha at ito ay dahil hindi natin nakikita ang pundasyon nila.
- As it turns out, the house belonging to the wise man was founded on solid rock; while the foolish man's house was founded on sand. Yun pala, ang bahay ng marunong na lalaki ay nakatayo sa matibay na pundasyon samantalang ang bahay ng hangal na lalaki ay nakatayo sa buhangin.
- The separation becomes clearer when Jesus distinguished the wise from the foolish builder. Ang pagkakaiba nila ay lalong nagiging malinaw base sa sinabi ni Hesus.
- The differences between them couldn't be readily seen but upon closer examination, one man heard what Jesus said, and then did what Jesus said; while the other man heard what Jesus said, and didn't do what Jesus said. Kapag masusi nating tiningnan, makikita natin ang pagkakaiba ng dalawang lalaki - ang isa ay nakinig at sumunod kay Hesus, ang isa ay nakinig lamang.
- The man who did what Jesus said had built his life on a good, firm foundation; while the other had built his life on that which wouldn't endure. Ang lalaki na sumunod kay Hesus ay nagtayo ng buhay nya sa isang matibay na pundasyon samantalang ang nakinig lamang ay nagtayo ng buhay nya sa isang mabuway na pundasyon.
- Why would someone be so foolish as to ignore the need for a good foundation when building a house. Here are several reasons: Bakit nga ba binabale wala ng tao ang magandang pundasyon sa pagtatayo ng bahay?
    - ***They only wanted a house for appearances-sake.*** "Professing" Christians have built their lives without the foundation of obedience to Jesus' word. They go to places where Christians go, say things that Christians say, and read things that Christians read; but they're simply after appearances. They just wanted to look like followers without being concerned with whether or not they really ARE followers of Jesus. ***Nais nila ang isang maganda o magarang tahanan lamang.***

Wala silang paki alam sa tibay nito. Maraming Kristiyano ang sa pangalan lamang ngunit ayaw naman magbago. Hindi sila taga sunod o disipulo ni Hesus.

    - ***They were in too much of a hurry to build.*** There was a pressing need to get a house up quickly and similarly, many people are hoping for Christianity to be a "quick-fix." They aren't concerned about the long-term commitment of being a disciple, so much as they are about getting certain problems in life taken care of in a hurry. Many don't want to wait for the right foundation to be laid; because real Christian faith requires learning to "wait" on the Lord as we do what He says.***Nagmamadali sila sa pagtatayo ng bahay***. Nais lamang nila na maitayo ito ng mabilis, kagaya ng mga tao na gustong tawagin sila na Kristiyano ngunit ayaw naman ng commitment na maging disipulo ni Hesus. Sila ay nagmamadali. Ang buhay Kristiyano ay nangangailangan ng paghihintay sa Panginoon habang ginagawa natin ang Kanyang kalooban.
    - ***It takes too much work to establish a foundation.*** Laying a good foundation isn't an attractive part of the job since it involves removing rocks and trees, and leveling out land. It involves careful planning and dirty work. It requires too much effort and demands to much of a cost to do so. ***Kinakailangan ng matinding paggawa para makabuo ng matibay na pundasyon.*** Hindi madali ang paggawa ng tamang pundasyon ng bahay. Kailangan tanggalin ang mga bato, mga puno, at patagin ang lugar. Kailangan ng masusing pagpa plano, matinding trabaho, at mataas na presyo para magawa ito.
- Many want to have the teachings of Jesus without the Jesus of the teachings. They want to be in control of their own "Christian" lives; and do not wish to relinquish complete control of their lives to Jesus. Maraming 'Kristiyano' ang nais ang katuruan ni Hesus pero hindi si Hesus ng katuruan. Nais nila na sila pa rin ang nasusunod sa buhay nila.
- Now, the types of foundation of the two houses may be somewhat hidden from view. The fact is that they can be known. Maari pala nating malaman ang uri ng pundasyon ng dalawang bahay na ito, kahit hindi natin lubusang nakikita.
- Look at how they're proven. They're proven by the trials of rain, and flood waters, and of wind. It is best to view them as the storms and trials of life in general. Ipapakita ang uri ng pundasyon sa pamamagitan ng pagsubok - ulan, baha, hangin. Gayun din sa buhay natin, ang mga pagsubok ang magpapakita ng uri ng pundasyon natin.
    - God permits the trials of life to come into the believer's life in order to prove the genuineness of the foundation. (1Peter 1:6-7)  Hinahayaan ng Diyos ang pagsubok sa buhay ng mananampalataya upang isiwalat ang uri ng ating pundasyon.

**III. THE SIGNIFICANCE (vv. 25,27) Ang Kahalagahan**

- The consequence is of great significance. When the trials of rain, flood waters, and wind strike against the house built on sand, the house falls. Ang resulta ay napakahalaga. Kapag dumating ang pagsubok ng ulan, baha, at malakas na hangin sa isang bahay na nakatayo sa buhangin, ito ay mabubuwag.
- Luke 12: 16-21
- The fact is you're building your life on something. If  it's not the Scripture, you're using money, family, skill, education, pleasure, as foundation. May mga buhay na nakadepende

lamang sa mga bagay maliban sa Salita ng Diyos, kagaya ng salapi, pamilya, kakayanan, pinag-aralan, layaw.

- But will these last? Jesus says foolish people build their lives on that which will not last. Ngunit ang tanong, magtatagal ba ang mga ito? Sinabi ni Hesus na ang mga taong hangal ay nagtatayo ng buhay nila sa mga bagay na hindi magtatagal.
- He’s talking about people who think they’re righteous, who hear the Word, and who go to church on Sundays. He’s talking to those who think they’re right with God and He’s saying it’s not enough just to hear the Word -- you got to do what the Word says. Ang tinutukoy ni Hesus dito ay ang mga tao na hambog - yuong nagaakala na matuwid sila, tama ang buhay nila, nagsisimba naman sila. Ang sinasabi ni Hesus dito ay hindi sapat na marinig mo ang Salita ng Diyos. Kailangan mong sundin ang sinasabi nito!
- Great, sad, and ruinous is the fall of the house NOT built on Christ! Matindi, nakakalungkot, at mapang wasak ang pagguho ng isang bahay na hindi naka tayo kay Kristo!
- But let's not forget to think about the other house - it stands! Ngunit huwag nating kaligtaan yung isang bahay - ito ay nakatayo pa rin!
- The trials of rain, flood and wind did not bring it down; because it was built on the solid rock. And what's more, it stands on the day of judgment! Ang mga pagsubok ay hindi nagpaguho dito, dahil ito ay nakatayo sa isang matibay na pundasyon o bato. At dagdag pa dito, ito rin ay tatayo sa panahon ng paghuhukom!
- One man is wise; and the other is a fool. And the only difference between them is that one heard the words of Jesus and did them, and the other heard the same words and didn't do them. Ang isang lalaki ay marunong, ang isa ay hangal. Ang tanging pagkakaiba sa kanila ay: ang isa ay nakarinig at sumunod sa Salita ng Diyos, ang isa ay nakarinig ngunit hindi sumunod.
- Jesus is our Firm Foundation – the wise obey Him and thrive. Jesus is our Firm Foundation – the foolish reject Him and suffer. Si Hesus ang ating matibay na pundasyon - ang mga marunong ay susunod at uunlad samantalang ang hangal ay tatalikod at magdurusa.

**CHALLENGE:** When life’s storms strike us, only those founded on Jesus Christ, our firm foundation, and His Word will withstand. Be wise, obey Him and thrive!
**HAMON**: Kapag ang hamon ng buhay at dumating, tanging ang mga nakatayo kay Kristo - ang matibay na pundasyon - at sa Kanyang Salita ang magtatagumpay. Maging marunong, sumunod sa Kanya at maging maunlad!